

PANALANGIN NG PAGBABASBAS NG PAMILYA AT PAGTATALAGA NG PAMILYA SA INA NG LAGING SAKLOLO:

PAMBUNGAD NA PANANALITA:

Lider: Sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo,,.

Sagot: Amen.

L: Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo ay mapasa-ating lahat, ngayon at magpakailanman.

S: Amen.

L: Mga minamahal naming mga kapatid at mga kaibigan, mula sa sakramento ng kasal ang isang pamilya ay tumanggap ng bagong buhay at biyaya ni Kristo. Ang pamilya rin ay napakahalaga sa Simbahan at lipunan dahil ito ay pangunahing nagbibigay-buhay sa isang pamayanan.

Sa ating pagdiriwang ngayon, hinihiling natin sa Panginoon ang kanyang mga biyaya para sa inyo upang kayo'y patuloy na maging mga instrumento ng biyaya ng Ama sa isa't isa at mga saksi ng pananampalataya sa bawat kaganapan ng ating buhay.

Kasama ng Diyos na ating gabay, maisasakatuparan ninyo ang inyong misyon sa pamamagitan ng ating pagsasabuhay ng Ebanghelyo at maging mga saksi ni Kristo sa buong mundo.

PAGBASA NG SALITA NG DIYOS:

MGA KAPATID, pakinggan natin ang mga salita ng Diyos sa mga salita mula sa Sulat ni San Pablo sa mga taga-Corinto:

Sapagka't kung paanong ang katawan ay iisa, at mayroong maraming mga sangkap, at ang lahat ng mga sangkap ng katawan, bagama't marami, ay iisang katawan; gayon din naman si Cristo.

Sapagka't sa isang Espiritu ay binabautismuhan tayong lahat sa isang katawan, maging tayo'y Judio o Griego, maging mga alipin o mga laya; at tayong lahat ay pinainom sa isang Espiritu.

Sapagka't ang katawan ay hindi iisang sangkap, kundi marami.

Psalm 128

R. Mapalad ang lahat na may takot sa Diyos

Mapalad ang lahat na natatakot sa Panginoon, na lumalakad sa kaniyang mga daan. Sapagka't iyong kakanin ang gawa ng iyong mga kamay: magiging maginhawa ka, at ikabubuti mo.

R. Mapalad ang lahat na may takot sa Diyos

Pagpapalain ka ng Panginoon mula sa Sion: at iyong makikita ang buti ng Jerusalem sa lahat na kaarawan ng iyong buhay. Oo, iyong makikita ang mga anak ng iyong mga anak. Kapayapaan nawa'y mapasa-Israel.

PANALANGIN NG BAYAN

L: Kristong aming Panginoon, Ang Salitang mula sa Ama, nanahan kasama natin at piniling maging bahagi ng isang pamilya at pagyamanin ito ng kanyang mga biyaya. Buong kababaang-loob nating hilingin ang kanyang biyaya at proteksyon para sa pamilyang ito.

R. Panginoon, panatilihin mo ang aming pamilya sa iyong kapayapaan.

L: Sa iyong pagiging masunurin kay Maria at Jose, pinabanal mo ang buhay pamilya; gawin mong banal ang pamilyang ito sa pamamagitan ng iyong presensiya. Ipanalangin natin sa Panginoon. *R.*

L: Ang Iyong puso ay nakatoon sa mga ninanais ng Ama; gawin Mo ang bawat tahanan na maging lugar kung saan Siya sinasamba ng may paggalang. Ipanalangin natin sa Panginoon. *R.*

L: Ginawa mo ang Iyong pamilya na maging modelo ng panalangin, pag-ibig at pagsunod sa nais ng Ama; sa pamamagitan ng Iyong biyaya pabanalin mo ang pamilyang ito at punuin mo ito ng yaman ng Iyong grasya. Ipanalangin natin sa Panginoon. *R.*

- L:* Minahal mo ang lahat ng malalapit sa Iyo at sinuklian nila ang Iyong pagmamahal; bigkisin mo ang lahat ng pamilya ng Iyong kapayapaan, at pag-ibig sa isa't isa. Ipanalangin natin sa Panginoon. *R.*
- L:* Sa Cana sa Galilea, nang ang isang bagong pamilya ang nagsisimula, pinasaya mo sila ng Iyong unang himala nang ginawa mong alak ang tubig; paginhawahin mo ang mga kalungkutan, pagdurusa at mga alalahanin ng pamilyang ito at gawin mong kasiyahan ang lahat. Ipanalangin natin sa Panginoon. *R.*
- L:* Sa Iyong pagbibigay-pansin sa integridad ng Iyong pamilya, sinabi mong "Huwag paghiwalayin ninuman ang sino mang pinag-isa ng Diyos."; bigkisin mo pa ng mas mahigpit ang mag-asawang ito ng iyong pag-ibig. Ipanalangin natin sa Panginoon. *R.*

Manalangin tayo ng buong tapat sa Ama sa mga salitang mula mismo sa ating Tagapagligtas at sabihin natin:

Ama namin..

PANALANGIN NG PAGBABASBAS

O Diyos, nilikha mo kami ng may pagmamahal at niligtas mo kami ng puno ng awa, sa pamamagitan ng bigkis ng kasal, itinatag mo ang pamilya at ninais mong maging tanda ito ng pagmamahal ni Kristo sa Kanyang Simbahan.

Basbasan mo ang mag-anak na ito na nagkakatipon sa Iyong ngalan. Idulot mo na silang pinag-isa ng pagmamahal ay itaguyod ang isa't isa sa pamamagitan ng kanilang nag-aalab na diwa at debosyon sa panalangin. Gawin mo silang mapagmalasakit sa mga pangangailangan ng iba at maging mga saksi sa pananampalataya sa lahat ng kanilang mga salita at gawa.

Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

R. Amen.

Or:

Pinupuri namin ang Iyong pangalan, O Panginoon, sa pagpapadala mo ng Iyong Anak na maging bahagi ng isang pamilya, upang, sa pamamagitan ng kanyang pagsasabuhay ng kanyang buhay, maranasan Niya ang iba't ibang mga alalahanin nito at kaligayahan.

Hinihiling namin sa Iyo, Panginoon, na pangalagaan Mo at bantayan ang pamilyang ito, upang sa pamamagitan ng lakas ng Iyong biyaya, ang mga miyembro nito ay makatamasa ng kasaganahan, makamit ang kapayapaan, at tulad ng isang buhay na Simbahan, maging mga saksi sa buong mundo ng Iyong kaluwalhatian..

Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

R. Amen.

Sprinkle the family with holy water.

PANGKATAPUSANG RITU:

Pag-aalay ng Sarili sa Ating Ina ng Laging Saklolo: (*Darasalin ng buong Pamilya. Ilalagay ang larawan sa kanilang altar*)

Kanilis-linisang Birhen Maria, Ina ng Diyos at Ina ng Santa Iglesia, ikaw ay amin ding Ina na laging handang sumaklolo sa amin. Taglay ang mga pusong lipos ng pag-ibig sa iyo iniaalay namin ang aming sarili sa iyong Kalinis-linisang Puso upang kami ay maging tapat mong mga anak. Ihingi mo kami ng tunay na pagsisi sa aming mga kasalanan at katapatan sa aming mga ipinangako nang kami ay binyagan. Iniaalay namin sa iyo ang aming puso't kaluluwa upang lagi naming sundin ang kalooban ng aming Ama sa langit. Iniaalay namin sa iyo ang aming buhay upang lalo naming mahal in ang Diyos at mabuhay kami hindi para sa aming sarili kundi para kay Kristong iyong Anak. At upang siya'y aming makita at paglingkuran sa aming kapwa. Sa abang pag-aalay na ito, pinakamamahal na Ina ng Laging Saklolo, ipinangangako namin na ang aming buhay ay itutulad namin sa iyo ikaw na pinakaganap na Kristiyano upang matapos naming mailaan sa iyo ang aming sarili, sa buhay at kamatayan ay makapiling nawa kaming iyong Anak magpakailanman.

Amen.

Nawa'y ang Panginoong Hesus na nabuhay sa Kanyang pamilya sa Nazaret, ay manahan sa inyong pamilya, ilayo kayo sa anumang masama, at panatihin ang inyong pagkakaisa sa puso at isipan.

R. Amen.